

2007 Outline para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sakrament Miting

Susundin Ko Siya nang May Pananampalataya

"At masdan, siya ay paparito sa kanyang kalahi, upang ang kaligtasan ay mapasa mga anak ng tao, maging sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan" (Mosias 3:9).

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. Pagsang-ayon sa Ingles: 8/04. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/04.
Pagsasalin ng *2007 Outline for Sharing Time and the Children's Sacrament Meeting Presentation*. Tagalog.
Pabalat na sining: *Huwag Kayong Mangatakot,* ni Greg K. Olsen. © 1996 ni Greg K. Olsen. Huwag gawan ng kopya

Mga Tagubilin sa mga Lider ng Primary para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sakrament Miting

Mensahe sa mga Primary Presidency

Sa taong ito sa oras ng pagbabahagi, ituturo namin ang isang pangunahing aliituntunin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Layon naming iparanas sa mga bata ang maniwala, magkaroon ng sarili nilang pananampalataya at patotoo, at mangakong sundin ang Tagapagligtas at ipamuhay ang Kanyang ebanghelyo. Sa paghahanda ninyo ng mga oras ng pagbabahagi, pag-isipan lang kung paano maibabahagi ang mga buwanang tema at banal na kasulatan sa mga pamilya ng mga bata sa Primary. Pinatototohanan namin na si Jesucristo ang ipinangakong Tagapagligtas at habang tinuturuan natin ang mga bata na pagtiwalaan at sundin Siya nang buong puso, pagpapalain Niya sila, "at magiging malaki ang kapayapaan ng iyong mga anak" (Isaias 54:13). Mahal namin kayo at ipinagdarasal.

Ang Primary General Presidency

Mga Tagubilin para sa Oras ng Pagbabahagi

Ang oras ng pagbabahagi ay tumatagal nang 30 minuto na nagbibigay sa mga batang iba't iba ang edad na samasamang lumahok sa mga angkop na aktibidad sa araw ng Sabbath at kumanta ng mga awiting nagtuturo ng mga aliituntunin ng ebanghelyo.

Ang sumusunod na mga patnubay ay makakatulong sa pagpaplano ng mga oras ng pagbabahagi:

- Pag-aralan ang dokumentong ito bago magsimula ang taon.
- Ituro ang mga aliituntuning nasa outline na ito.
- Maghangad ng inspirasyon sa pagpaplano ninyo ng mga lingguhang oras ng pagbabahagi.
- Isali ang lider sa musika sa inyong pagpaplano. Gumamit ng musika sa buong oras ng pagbabahagi para mapalakas ang mga aliituntuning itinuturo. Bigyan ng sapat na oras ang lider sa musika na maituro ang bagong kanta at matulungan ang mga bata na mawili sa pagkanta.
- Talakayin kung paano ninyo maitututuro ang lingguhang aliituntunin ng ebanghelyo, maisasali ang mga bata, at matutulungan silang ipamuhay ang aliituntunin ng ebanghelyo. (Tingnan sa "Mga Pamamaraan sa Pagtuturo" sa pahina 13.)
- Humanap ng mga paraang maakay ang mga bata sa mga banal na kasulatan kapag binuklat ninyo ito, nagturo kayo mula rito, at pinatotohanan ito sa oras ng pagbabahagi linggu-linggo.
- Isulat ang plano ninyo sa isang kopya ng "Work Sheet sa Pagpaplano ng Oras ng Pagbabahagi" sa pahina 12.
- Ipasiya kung sinong miyembro ng panguluhan ang magtuturo o mamamahala sa lingguhang oras ng pagbabahagi.
- Gawing pagtatanghal ng klase ang oras ng pagbabahagi minsan sa isang buwan. (Tingnan sa "Mga Pagtatanghal ng Klase" sa pahina 13.)

Mga Gabay sa Pagtatanghal sa Sakrament Miting

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop o branch president, nagtatanghal ang mga bata sa sakrament miting sa ikaapat na kwarter ng taon. Ibabahagi ng mga bata ang natutuhan nila tungkol sa tema sa taong ito, "Susundin Ko Siya nang May Pananampalataya." Ang pagtatanghal sa sakrament miting ay hindi dapat humigit sa 40 minuto at dapat sumunod sa mga patakaran at gabay ng Simbahan sa mga sakrament miting. Dapat tapusin ng isang miyembro ng bishopric o branch presidency ang miting sa maikling pananalita na nagpapatibay sa mga aliituntuning itinuro sa pagtatanghal. (Tingnan sa *Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan*, *Aklat 2*: *Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1999], 304.)

Ang sumusunod na mga gabay ay makakatulong din sa pagpaplano ng pagtatanghal sa sakrament miting:

- Maagang makipagkita sa bishop o branch president sa taong ito para talakayin ang mga paunang plano. Hingin ang kanyang pahintulot kapag kumpleto na ang mga plano.
- Planuhing itanghal ng mga bata ang programa batay sa buwanang mga tema sa oras ng pagbabahagi.
- Sa buong taon, itala ang mga pananalita at karanasan ng bawat bata na posibleng magamit sa pagtatanghal.
- Planuhing gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtatanghal: mga banal na kasulatan, personal na karanasan, musika, isahan o pangkatang pagbigkas, at patotoo.

- Sa pagtatanghal ng musika, maaari ninyong isali ang buong koro ng Primary, mga koro ng mga batang nakatatanda at nakababata, mga batang soloista, dueto, maliliit na grupo ng mga bata, kongregasyon, at angkop na pagsaliw ng mga instrumento.
- Mag-ensayo sa mga oras na walang klase o pagtitipon ng pamilya ang mga bata.

Kahulugan ng mga Simbolo at Pagpapaikli

Ang sumusunod na mga simbolo at pagpapaikli ay ginagamit sa buong outline:

♫	*Musika.* Ang mga awit na ito ay sumusuporta sa taunang adhikain at inirerekomenda para sa pagtatanghal sa sakrament miting.
AAP	*Aklat ng mga Awit Pambata*
FHE	*Family Home Evening Resource Book*
PLSE	Pakete ng mga Larawang Sining ng Ebanghelyo
AE	*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*
"Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo"	Mga gabay na aklat sa *Pananampalataya sa Diyos*, pabalat sa likod
Outline para sa Oras ng Pagbabahagi	*Outline para sa Oras ng Pagbabahagi at Pagtatanghal ng mga Bata sa Sakrament Miting* mula sa nakaraang taon
Larawan	Mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary
"Pagpapahayag"	"Ang Mag-anak, Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Okt. 2004 (loob ng pabalat sa likod)
PWHDT	*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*

Mga Larawan

Ang sumusunod na mga larawan sa PLSE ay binanggit sa outline para sa oras ng pagbabahagi sa taong ito. Karamihan ay may kaugnay na larawan sa isa sa mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary.

PLSE mga larawan at paliwanag tungkol dito	*Kaugnay na mga larawan sa mga pakete ng mga larawan sa manwal ng Primary*
119—Adan, Eva, at pamilya	1-34, 3-5
200—Pagsilang ni Cristo	1-75, 2-41, 4-10, 6-50, 7-3
208—Binyag ni Cristo	1-18, 2-19, 3-1, 7-7
215—Pagpapagaling sa anak na babae ni Jairo	2-25, 7-18
216—Si Cristo at ang mga bata	2-35, 3-56, 7-24
238—Si Cristo sa Ikalawang Pagparito	2-65, 3-15, 4-49, 5-28, 6-28
301—Si Lehi nang lumisan sa Jerusalem	3-40, 4-5
313—2,000 kabataang mandirigma	1-65, 3-38, 4-40
321—Nakababatang Alma	4-26
322—Si Cristo at ang mga batang Nephita	1-64, 2-36, 3-61, 4-47
325—Mga laminang ginto	5-13
502—Salt Lake Temple	1-54, 5-55
504—Bautismuhan ng templo	5-36
601—Binyag	1-11, 3-13
602—Kumpirmasyon	2-30, 3-14
603—Pagbabasbas ng Sakrament	
604—Pagpapasa ng Sakrament	1-8, 2-29
611—Ang bishop	
612—Mga misyonero	3-69
613—Pangangasiwa sa maysakit	1-40
614—Home teaching	

Susundin Ko Siya nang May Pananampalataya

"At masdan, siya ay paparito sa kanyang kalahi, upang ang kaligtasan ay mapasa mga anak ng tao, maging sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan" (Mosias 3:9).

Layunin: Tulungang maragdagan ang pananampalataya ng mga bata sa Panginoong Jesucristo at mapalalim ang pangako nilang kumilos ayon sa pananampalatayang iyon sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo.

Outline para sa Oras ng Pagbabahagi

Ang mga buwanang tema sa outline na ito ay may kasamang mga banal na kasulatan na maisasaulo ng mga bata. Ang mga lingguhang alituntunin ng ebanghelyo ay dapat ituro sa mga oras ng pagbabahagi at pambungad o pangwakas na gawain sa buwang iyon. Karaniwan ay isang alituntunin lang ng ebanghelyo ang ituturo bawat linggo. Ang ilan sa lingguhang mga alituntunin ng ebanghelyo ay sinusundan ng iminungkahing ideya sa oras ng pagbabahagi. Lahat ay may reperensya sa iba pang mga sanggunian na makakatulong sa pagpaplano ninyo sa oras ng pagbabahagi. Paminsan-minsan maaaring may pangangailangan sa inyong Primary, tulad ng paglalaan ng templo o pinagtutuunan ng lider ng priesthood, na kailangang bigyang-diin sa oras ng pagbabahagi.

TEMA SA ENERO

Sumasampalataya ako sa Panginoong Jesucristo. *"Kung ikaw ay may pananampalataya, umaasa ka sa mga bagay na hindi nakikita, ngunit totoo"* (Alma 32:21).

♫ "Susundin Ko Siya nang May Pananampalataya" (pahina 11 ng outline na ito; o *Liahona*, Peb. 2004, K16)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Sumasampalataya ako sa Panginoong Jesucristo. Ang pananampalataya ay pagtitiwala. May tiwala ako sa Kanya, at susundin ko Siya (Alma 32; Eter 12:12–18; *AE*, kabanata 18).

   Basahin ang Alma 32:21, 28–30 sa mga bata at ituro ang alituntunin ng pananampalataya. Ipaliwanag na ang pananampalataya ay pagtitiwala sa Panginoong Jesucristo. Magpamungkahi sa mga bata ng mga paraan para mapalaki ang isang binhi. Ipaliwanag na tulad ng pag-aalaga natin sa isang binhi, dapat din nating alagaan ang ating pananampalataya para lumakas ito. Ipabasa sa mga bata ang sumusunod na mga banal na kasulatan upang malaman kung ano ang magagawa nila para mapalakas ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo: Juan 5:39; Juan 7:16–17; Santiago 1:5; Moroni 10:4–5; at D at T 21:4–5. Talakayin ang mga banal na kasulatang ito. Basahin ang Alma 32:27. Magpatotoo kung paano lumakas ang inyong pananampalataya. Magpatanim sa bawat bata ng isang binhi sa paper cup na maiuuwi. Kantahin ang "Pananalig" (*AAP*, 50–51).

2. Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo (Mga Saligan ng pananampalataya 1:4; Mateo 8:5–13; Marcos 10:46–52; Jeffrey R. Holland, "Manatili sa Akin," *Liahona*, Mayo 2004, 30–32).

3. Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag nagdarasal ako (1 Nephi 7:16–18; 18:8–23; Enos 1:12–15; Mosias 24:7–25; Alma 33:1–14).

4. Sumasampalataya ako sa Panginoong Jesucristo. Tutulungan Niya akong sundin ang mga utos (1 Nephi 3:7).

   Ipasadula sa ilang bata ang kuwento ng paggawa ng barko at paglalayag ni Nephi at ng kanyang pamilya patungong lupang pangako (1 Nephi 17–18). Ikuwento ito habang isinasadula nang walang salita ng mga bata (tingnan sa "Mga Pagsasadula," *PWHDT*, 219–20). Basahin ang 1 Nephi 3:7 at kantahin ang "Ang Katapangan ni Nephi" (*AAP*, 64). Ikuwento ang isang pangyayari na tinulungan kayo ng Panginoon na masunod ang Kanyang mga utos (tingnan sa "Paghahalintulad," *PWHDT*, 225–26). Magbahagi ng ibang mga halimbawa ng pananampalataya at pagsunod mula sa mga banal na kasulatan, tulad ng I Samuel 17; Daniel 3; o 1 Nephi 3–4.

TEMA SA PEBRERO

Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag kilala ko Siya. *"At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw [ang Cristo,] ang [Anak] ng [buhay na] Dios"* (Juan 6:69).

♫ "Ako ay Nagninilay Tuwing Mababasa" (*AAP,* 35)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Si Jesucristo ang panganay na Anak ng Ama sa Langit. Ako man ay anak ng Diyos (D at T 93:21; Abraham 3:22–24; Mga Gawa 17:29; *AE,* mga kabanata 1–2).

2. May plano ang Ama sa Langit para sa akin. Si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala ang sentro sa planong ito (Moises 6:62).

   Ipaliwanag na ang plano ng Ama sa Langit ay isang paglalakbay na nagsimula sa langit. Kantahin ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*AAP,* 2). Maghanda ng isang lugar na kakatawan sa daigdig bago pa tayo isilang, isa pang lugar na kakatawan sa daigdig para sa buhay natin ngayon, at isa pa para sa daigdig na patutunguhan natin pagkatapos ng buhay sa mundo. Papuntahin ang mga bata sa mga lugar na ito na bit-bit ang kanilang mga bag.

   Lugar 1: Ituro sa mga bata ang tungkol sa buhay bago pa tayo isilang. Maglagay ng mga salita o bagay sa kanilang bag na kumakatawan sa kanilang espiritu, kalayaan, sa Paglikha, at sa Tagapagligtas.

   Lugar 2: Ituro ang tungkol sa mga layunin ng buhay sa mundo. Bigyan ang mga bata ng mga salita o bagay na kumakatawan sa kanilang pisikal na katawan, pamilya, ebanghelyo, ordenansa, pagsunod, at kasalanan. Talakayin ang kahalagahan ng pagsisisi at hayaang ipagpalit ng mga bata ang kanilang "mga pagkakasala" sa kumakatawan sa Pagbabayad-sala. Ipaliwanag na naghihiwalay ang ating espiritu at katawan sa kamatayan, at alisin ang "pisikal na katawan" nila mula sa mga bag.

   Lugar 3: Ituro ang tungkol sa daigdig ng mga espiritu, at ipaliwanag na doon hihintayin ng ating espiritu na mabuhay na mag-uli. Ipaliwanag na tayong lahat ay mabubuhay na mag-uli (muling ibalik sa bag ang "pisikal na katawan") at hahatulan sa mga pasiyang ginawa natin sa mundo. Ituro sa kanila na dahil sa Pagbabayad-sala muli nating makakapiling ang Ama sa Langit. Kantahin ang "Susundin Ko ang Plano ng Diyos" (*AAP*, 86–87).

3. Nilikha ni Jesucristo ang daigdig para matirhan natin at magtamo tayo ng karanasan (3 Nephi 9:15; "Ang Paglikha," *AE*, kabanata 5).

   Isulat ang *Ang nilikha ng Diyos para sa akin* sa ilalim ng larawan ni Jesucristo at basahin ang 3 Nephi 9:15. Idispley at talakayin ang mga larawan ng mga likha ng Diyos, at kantahin ang mga awit mula sa bahaging "Kasayahan at Gawain" ng *AAP*. Isulat ang *Ang dapat kong gawin sa mundo*, at basahin ang Alma 34:32. Gamitin ang "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" para ituro ang mga bagay na dapat nating gawin habang narito sa mundo para makabalik sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Pakulayan sa mga bata ang isang ginupit na larawan ng isang bata para maging kamukha nila at isulat ang isang alituntunin sa likod mula sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" na ipapangako nilang sundin. Idispley ang mga ginupit na larawan sa ilalim ng *Ang dapat kong gawin sa mundo*. Kantahin ang "Nais Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" (*AAP*, 72).

4. Nanirahan si Jesucristo sa mundo. Ang Kanyang mga turo at himala ay nagpala sa buhay ng mga tao (Mateo 5–7; 9:18–35; 14:15–33; "Ang mga K'wento Kay Jesus" [*AAP,* 36]; Sydney S. Reynolds, "Diyos ng mga Himala," *Liahona,* Hulyo 2001, 12–13).

TEMA SA MARSO

Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag sinusunod ko ang Kanyang halimbawa at tinutupad ang Kanyang mga utos. *"Sumunod sa akin, at gawin ang mga bagay na nakita ninyong ginawa ko"* (2 Nephi 31:12).

♫ "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*AAP*, 40–41)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Ang buhay ni Jesucristo ay halimbawa sa akin (Juan 13:15; 3 Nephi 18:24; "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" [*AAP,* 40–41]; mga kanta mula sa "Jesucristo—Halimbawa" sa indeks ng "Mga Paksa," *AAP*).

2. Pag-aaralan ko ang mga banal na kasulatan at magdarasal ako (Juan 5:39; Mateo 14:23; Alma 37:37; "Babasahin, Uunawain, at Mananalangin" [*AAP,* 66]; "Bisa ng Banal na Kasulatan" [*Outline para sa Oras ng Pagbabahagi,* 2006, 10–11].)

3. Pananatilihin kong banal ang araw ng Sabbath (Exodo 20:8; D at T 59:9–14).

   Isulat sa mga papel ang angkop na mga aktibidad para sa Linggo: *Magsimba, Makibahagi sa sakrament, Magbasa ng mga banal na kasulatan, Bumisita sa pamilya, Sumulat sa journal ko*, at kung anu-ano pa. Pagsalit-salitin ang mga bata sa pagpili ng papel at

pagsasadula ng aktibidad habang hinuhulaan ng mga batang Primary kung ano ang aktibidad. Ipaliwanag na kailangan nating maghanda para sa Sabbath. Kantahin ang "Sabado" (*AAP*, 105). Tulungang maisaulo ng mga bata ang talata 6 mula sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo": "Gagawin ko sa Sabbath ang mga bagay na makakatulong sa akin para mapalapit ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo" (tingnan sa "Pagsasaulo," *PWHDT*, 226–27).

4. Tutuparin ko ang mga utos at mamumuhay ngayon para maging karapat-dapat na makapunta sa templo (Primarya 1, aralin 26; "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo").

   Kantahin ang unang talata ng "Templo'y Ibig Makita" (*AAP*, 99). Idispley ang mga larawan ng templo sa PLSE 502 at 504. Sa salitang madaling maunawaan, ituro ang tungkol sa mga ordenansa at pagpapala ng templo, tulad ng selestiyal na kasal at binyag para sa mga patay. Gumawa ng malaking puzzle ng templo, at paghalu-haluin ang mga piraso. Sa likod ng bawat piraso, isulat ang isang bagay na dapat nating gawin para maging karapat-dapat na makapunta sa templo (tingnan sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo"). Papiliin ng isang piraso ng puzzle ang mga bata, ipabasa ang nakasulat sa likod, at ipakabit ang piraso sa puzzle. Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng paghahanda para sa templo. Kantahin ang pangalawang talata ng "Templo'y Ibig Makita."

TEMA SA ABRIL

Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag alam ko na Siya ang aking Tagapagligtas at Manunubos. *"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan"* (Juan 3:16).

♫ "Buhay ang Aking Manunubos" (*Mga Himno*, blg. 78)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Si Jesucristo ang aking Tagapagligtas at Manunubos. Nagtungo Siya sa mundo para gawin ang kalooban ng Ama (2 Nephi 25:26; Lucas 2:49 [41–49]; Juan 5:30 [17–30]; 3 Nephi 11:10–11; "Ang Pagbabayad-sala," *AE*, kabanata 12; "Isinugo, Kanyang Anak" [*AAP*, 20–21]).

2. Dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, mabubuhay akong mag-uli (Juan 20:14–29; I Mga Taga Corinto 15:20–22).

   Ituro sa mga bata na namatay si Jesucristo para sa atin at nabuhay na mag-uli. Ipaliwanag na mabubuhay tayong muli kapag namatay tayo. Pakilusin ang mga bata na nagpapakita ng mga paborito nilang galaw (pagsayaw, pagsipa ng bola, at kung anu-ano pa), para ipakita na pinakikilos ng espiritu ang katawan kapag tayo ay buhay. Ihambing ang pisikal na katawan sa isang pangginaw, na hindi makakilos dahil walang "espiritu" sa loob nito. Ipasuot sa isang bata ang pangginaw at pakilusin siya, at ihambing ito sa espiritung nagbibigay-buhay sa katawan. Ipaliwanag na kapag tayo'y namatay, iiwanan natin ang ating katawan (hubarin ang pangginaw), pero ang ating espiritu ay walang hanggan at hindi namamatay. Ipaunawa sa mga bata na ang pagkabuhay na mag-uli ay pagsasamang muli ng katawan at espiritu. Kantahin ang "Siya'y Namatay Upang Tayo'y Muling Mabuhay" (*Liahona*, Abril 2005). Magpatotoo tungkol sa Pagbabayad-sala at pagkabuhay na mag-uli.

3. Dahil sa Pagbabayad-sala, maaari akong magsisi at makabalik sa piling ng Ama sa Langit at ni Jesucristo (I Ni Juan 2:25; D at T 19:16; "Pagsisisi" [*Liahona,* Oktubre 2004]; *AE,* kabanata 19).

4. Lumalaki ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag naririnig ko ang patotoo sa Kanya ng mga apostol at propeta (D at T 1:38; 76:22–23; *AE*, kabanata 9).

   Sa mga istasyon sa paligid ng silid, magdispley ng mga larawang kumakatawan sa mga paksa ng apat na pananalita ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol o ng Unang Panguluhan sa isang pangkalahatang kumperensya kamakailan (sumangguni sa mga mensahe ng kumperensya sa *Liahona*; tingnan sa "Mga Istasyon," *PWHDT*, 235–36). Hatiin ang mga bata sa apat na grupo at bigyan ang bawat isa ng lapis o krayola at papel na walang sulat. Sa bawat istasyon, talakayin ang mensaheng kinakatawan ng larawan, at ituon ang pansin ng mga bata sa patotoo ng tagapagsalita. Magtanong tulad ng, "Ano ang nadarama ninyo kapag naririnig ninyo ang patotoo ng tagapagsalitang ito?" at "Ano ang gagawin ninyo para masunod ang payong ito ng Panginoon?" Ipasulat o ipadrowing sa mga bata ang

larawan ng gagawin nila. Kantahin ang "Propeta'y Sundin" (*AAP*, 58–59).

TEMA SA MAYO

Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag nalalaman ko ang tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo. *"Dahil dito narito, pasisimulan kong gawin ang isang kagilagilalas na gawa sa gitna ng bayang ito, isang kagilagilalas na gawa at kamangha-mangha"* (Isaias 29:14).

♫ "Ang Laminang Ginto" (*AAP*, 61)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Ipinanumbalik ng Panginoon ang kabuuan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith (Mga Gawa 3:20–21; 2 Nephi 3:6–15; Joseph Smith—Kasaysayan 1:18–19, 26, 30, 33–34).

2. Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54, 59–67; *Primarya 5,* mga aralin 5–7).

   Idispley ang PLSE 325 at ikuwento ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon mula sa mga laminang ginto. Igrupu-grupo ang mga bata, at bigyan ang bawat grupo ng isang bahagi ng kuwento na ilalarawan (magpadrowing ng isang larawan sa bawat bata). Pagdikit-dikitin nang sunud-sunod ang mga larawan, at ipakita ito sa kanila gamit ang isang roller box habang ikinukuwento itong muli ng mga bata sa sarili nilang mga salita (tingnan sa "Mga Roller Box," *PWHDT*, 235). Kantahin ang "Ang Laminang Ginto" (*AAP*, 61).

3. Ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos at isa pang tipan ni Jesucristo (D at T 19:26–27; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8; pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon).

   Ipabasa sa isang bata ang pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon. Itanong kung bakit tinawag na "Isa Pang Tipan ni Jesucristo" ang Aklat ni Mormon. Itanong, "Ano ang isang tipan?" (Isang saksi.) Ipaliwanag na halos kalahati ng mga talata sa Aklat ni Mormon ay binabanggit ang *Panginoong Jesucristo* o iba pang titulo ng Tagapagligtas. Pagsaliksikin ang mga grupo ng mga bata sa iba't ibang aklat sa Aklat ni Mormon para makakita ng mga talatang bumabanggit o nagtuturo tungkol kay Jesucristo. Hilingin sa bawat grupo na basahing malakas ang mga talatang nahanap habang nililista ninyo ito sa pisara. Ipahanap at ipabasa sa mga bata ang 2 Nephi 25:23 at Mormon 3:20–22. Ipaunawa sa mga bata kung paano sumasaksi kay Cristo ang mga talatang ito. Kantahin ang ikalawa at ikatlong talata ng "Nang Minsan ay Tagsibol" (*AAP*, 57). Magpatotoo tungkol sa Aklat ni Mormon.

4. Ipinanumbalik ang priesthood. Hawak ng isang buhay na propeta ang lahat ng susi at awtoridad ng priesthood at pinamumunuan ang Simbahan sa ilalim ng pamamahala ni Jesucristo (Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72; D at T 27:12; "Propeta'y Sundin" [*AAP,* 58–59]; *AE,* mga kabanata 13–14).

TEMA SA HUNYO

Sinusunod ko si Jesucristo nang may pananampalataya kapag ginagawa at tinutupad ko ang aking tipan sa binyag. *"Sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios"* (Juan 3:5).

♫ "Nais Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" (*AAP*, 72)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Bininyagan si Jesucristo (Mateo 3:13–17; 2 Nephi 31:4–9; D at T 20:37; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4; "Pagbibinyag" [*AAP,* 54–55]; *AE,* mga kabanata 18–20; PLSE 208).

2. Nang binyagan ako, nakipagtipan ako sa Ama sa Langit na tataglayin ko sa aking sarili ang pangalan ni Jesucristo, lagi Siyang aalalahanin, at tutuparin ang Kanyang mga utos (D at T 20:77).

   Idispley ang Larawan 1-11 o 3-13 ("Binyag ng isang bata"). Ipaliwanag sa mga bata na kapag binibinyagan tayo, nililinis tayo ng Espiritu Santo mula sa kasalanan. Kantahin ang "Sa Aking Pagkabinyag" (*AAP*, 53). Hatiin ang mga bata sa dalawang grupo at pagsalit-salitin sila sa pagbanggit ng mga bagay na dapat nating gawin para matupad ang mga utos ng Panginoon (sabihin ang totoo, magmahalan, at kung anu-ano pa). Isulat sa pisara ang mga ito. Basahin ang Mosias 18:8–11, tulungan ang mga bata na matukoy ang mga tiyak na bagay na handang gawin ng mga tao ni Alma nang sila ay mabinyagan, at ipaliwanag na dapat din nating gawin ang mga bagay na iyon para ipakita na naaalala natin si Jesus. Patotohanan ang mga pagpapalang natatanggap natin kapag

tinutupad natin ang ating mga tipan sa binyag. Kantahin ang "Nais Kong Ipamuhay ang Ebanghelyo" (*AAP*, 72).

3. Matapos akong binyagan, kukumpirmahan ako bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at tatanggap ng kaloob na Espiritu Santo (3 Nephi 18:36–37; 4 Nephi 1:1).

   Idispley ang PLSE 601; pagkatapos ay idagdag ang PLSE 602. Ipaliwanag na matapos tayong binyagan, kinukumpirmahan tayo bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ginagawaran ng kaloob na Espiritu Santo. Kantahin ang "Ang Simbahan ni Jesucristo" (*AAP*, 48). Magpabahagi sa mga bata ng mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan, sa sarili nilang karanasan, sa kanilang mga family history, o ng mga ideya mula sa awit para matukoy ang ilan sa mga pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan.

4. Nakikibahagi ako ng sakrament para mapanibago ang pakikipagtipan ko sa Ama sa Langit nang ako ay binyagan (3 Nephi 18:7, 10–11; D at T 20:77, 79; "Ang Sakramento" [*AAP,* 144]; *AE,* kabanata 23).

TEMA SA HULYO

Masusunod ng pamilya ko si Jesucristo nang may pananampalataya. *"Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo"* ("Pagpapahayag," talata 7).

♫ "Dito ay May Pag-ibig" (*AAP*, 102–3)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Matututo ako tungkol sa mga matwid na pamilya sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan (Moises 5:1–2, 5, 10–12, 58; 6:1; Lucas 2:1–16; Mateo 9:18–19, 23–25; Marcos 5:22–24, 35–43; Lucas 8:41–42, 49–56; 1 Nephi 2:1–7; Mosias 27; Alma 53:10–21; 56:44–56; 58:39).

   Hatiin sa mga klase o grupo ang mga bata , at bigyan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga larawan: PLSE 119, PLSE 200, PLSE 215, PLSE 301, PLSE 321, PLSE 313. Ipahanap, ipabasa, at ipatalakay sa bawat grupo ang kuwento sa banal na kasulatan na makikita sa ibinigay na larawan (makakatulong ang mga reperensya sa banal na kasulatan na nakalista sa likod ng larawan). Pagkatapos ay pagsalit-salitin ang mga grupo sa pagbabahagi ng natutuhan nila sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga matwid na pamilyang ito. Kantahin ang "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*AAP*, 98).

2. Ang unang miyembro ng pamilya ko na sumapi sa Simbahan ay sumunod kay Jesucristo nang may pananampalataya. Matututo ako tungkol sa aking family history (D at T 136:2, 4, 11; "Upang Maging Tagabunsod" [*AAP,* 138–39]).

3. Igagalang ko ang aking ama at ina at rerespetuhin ang iba pang mga kapamilya ko (Exodo 20:12).

   Igrupo ang mga bata nang dalawahan o tatluhan. Bigyan ang bawat grupo ng magkakaibang pinag-aaralang sitwasyon sa pamilya na nag-aanyaya ng paggalang at pagsunod sa mga magulang o respeto sa iba (tingnan sa "Mga Pinag-aaralang Situwasyon," *PWHDT*, 214–15). Pagawain ang mga bata ng mga papet na gawa sa supot na papel, patpat, o daliri at pagsalit-salitin silang ipasadula ang pinag-aaralang sitwasyon na ipinakikita kung ano ang gagawin nila sa sitwasyon para magpakita ng paggalang at respeto (tingnan sa "Mga Papet," *PWHDT*, 232–33). Kantahin ang "Dito ay May Pag-ibig" (*AAP*, 102–3).

4. Masusunod ng pamilya ko si Jesucristo nang may pananampalataya sa pagdaraos ng panalangin ng pamilya, pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya, at family home evening ("Panalangin ng Mag-anak," [*AAP*, 101]; "Dito ay May Pag-ibig" [*AAP*, 102–03]).

TEMA SA AGOSTO

Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag nakikinig ako sa Espiritu Santo. *"Sapagkat, masdan, batid ng Mang-aaliw ang lahat ng bagay, at nagpapatotoo sa Ama at sa Anak"* (D at T 42:17).

♫ "Aking Ama'y Buhay" (*AAP*, 8)

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Ang patotoo ay espirituwal na pagsaksi ng Espiritu Santo (3 Nephi 28:11; Moroni 10:4–5; "Ang Espiritu ang Totoong Guro," *PWHDT,* 51–52; *Primarya 5,* aralin 46).

   Basahin ang Moroni 10:4–5 at ipaliwanag na tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman ang totoo.

Ituro sa mga bata na ipinaaalala ng limang daliri natin ang mga bagay na pinatototohanan ng Espiritu Santo: (1) Ang Diyos ay ating Ama sa Langit; (2) Si Jesucristo ay Kanyang Anak at ating Tagapagligtas; (3) Si Joseph Smith ay propeta ng Diyos, at ang Aklat ni Mormon, na isinalin niya sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, ay totoo; (4) Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Simbahan ng Panginoon; at (5) Tayo ay may buhay na propeta sa daigdig ngayon. Talakayin kung paano binubuo ng limang pangungusap na ito ang pundasyon ng patotoo. Ipabakat sa mga bata ang isang kamay nila sa papel at ipasulat o ipadrowing ang mga larawan ng limang bagay na ito sa mga daliri. Kantahin ang unang talata ng "Ang Espiritu Santo" (*AAP*, 56). Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Moroni 10:5. Magpatotoo tungkol sa Espiritu Santo.

2. Inaanyayahan ko ang mga paramdam ng Espiritu Santo kapag nagdarasal ako, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, tumutupad sa mga utos, at sumusunod sa mga buhay na propeta (Alma 5:45–46; D at T 6:14–15; 138:1, 6, 11).

3. Nakikilala ko ang mga paramdam ng Espiritu Santo (Mga Taga Roma 15:13; "Pagkilala at Pagsunod sa Espiritu sa Inyong Pagtuturo," *PWHDT,* 57–58).

   Ipakita ang kahalagahan ng pakikinig sa pamamagitan ng pagbulong ng isang mensahe sa isa sa mga bata, at pagbulong naman nito sa kanyang katabi, at sunud-sunod na hanggang sa maibulong ng walo o sampung bata ang mensahe. Ipasabi sa una at huling tao ang narinig nila, at pag-usapan kung bakit naiba ang mensahe. Pagkatapos ay itanong sa mga bata kung paano natin nakikilala ang mga paramdam ng Espiritu Santo. Ipaliwanag na itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan kung paano makikilala ang Kanyang mga paramdam. Hatiin sa mga grupo ang mga bata, bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga sumusunod na mga banal na kasulatan para talakayin, pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo kung ano ang itinuturo sa atin sa kanilang banal na kasulatan tungkol sa mga paramdam ng Espiritu Santo: Moroni 8:25–26; Mga Taga Galacia 5:22–23; D at T 36:2; Juan 14:26; D at T 8:2; at D at T 9:7–9. Magpatotoo tungkol sa Espiritu Santo. Kantahin ang "Aking Ama'y Buhay" (*AAP*, 8).

4. Ang Espiritu Santo ay sumasaksi kay Jesucristo at maaaring magturo, gumabay, magbabala, mangalaga, at umaliw sa akin (Juan 14:26; 15:26; 2 Nephi 31:17; Moroni 10:5; D at T 6:14–15; 8:2; 11:12; 20:27; "Ang Marahan at Banayad na Tinig" [*Liahona,* April 2006]).

TEMA SA SETYEMBRE

Lumalakas ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag naglilingkod ako sa iba. *"Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos"* (Mosias 2:17).

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Tinuruan tayo ni Jesucristo na maglingkod sa iba (*AE*, kabanata 28).

   Magbahagi ng mga halimbawa ng paglilingkod ni Cristo sa iba mula sa mga banal na kasulatan, at tulungan ang mga bata na ihalintulad ito sa mga oportunidad nating maglingkod (Lucas 8:1—pagpapalaganap ng mabubuting balita; Mateo 18:11–14—paghahanap sa nawawalang tupa; 3 Nephi 17:1–9—paglilingkod sa bawat isa; tingnan sa "Paghahalintulad," *PWHDT,* 225–26). Kantahin ang "Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod" (*AAP*, 94–95). Magpakita ng isang malaking orasang naigagalaw ang mga panuro, at habang ginagalaw ninyo ang mga panuro sa iba't ibang oras ng maghapon, tanungin ang mga bata kung ano ang magagawa nila sa oras na iyon para makapaglingkod sa iba. Kantahin ang "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*AAP*, 40–41).

2. Maglilingkod ako sa aking pamilya (1 Nephi 16:17–32).

   Rebyuhin ang kuwento tungkol sa nabaling busog ng pana ni Nephi (1 Nephi 16:17–32). Pag-isipin ang mga bata ng mga paraan na makapaglilingkod sa sarili nilang mga kapamilya, tulad ng ginawa ni Nephi. Patayuin nang pabilog ang mga bata. Pahawakan sa isang bata ang dulo ng isang bola ng pisi, magpasabi ng isang paraan para mapaglingkuran ang isang kapamilya, at ipaitsa ang bola sa ibang bata. Patuloy na pahawakan sa mga bata ang pisi, magpasabi ng mga paraan na mapaglilingkuran nila ang kanilang pamilya, at ipaitsa ang pisi hanggang lahat ng bata ay nakahawak sa pisi at nahabi ito na parang malaking sapot ng gagamba. Ipaliwanag na ang paglilingkod sa iba ay humahabi ng sapot ng mabubuting gawa at pagmamahal na umaantig sa

lahat. Kantahin ang "Mahalin Bawat Tao, Sabi ni Cristo" (*AAP*, 39).

3. Paglilingkuran ko ang iba sa pamamagitan ng pagiging mabait sa kanila at pagbabahagi ng anumang mayroon ako (Lucas 10:30–36; Juan 13:34–35; Mga Taga Galacia 5:13–14; "Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan" [*AAP,* 83]).

4. Sa paglilingkod ko sa iba, pinaglilingkuran ko si Jesucristo at ipinakikita ang pagmamahal ko sa Kanya (Mateo 25:34–40; Juan 21:15–17; Mosias 2:17–18; "Mahalin ang Bawat Isa" [*AAP,* 74]).

TEMA SA OKTUBRE

Ipinakikita ko ang pananampalataya ko kay Jesucristo kapag ibinabahagi ko ang ebanghelyo sa iba. *"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit"* (Mateo 5:16).

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Magiging mabuting halimbawa ako sa iba sa paraan ng aking pamumuhay (I Kay Timoteo 4:12; Alma 17:11; 53:20–21; "Ang Diyos sa Akin ay Nagbigay ng Templo" [*AAP*, 73]).

2. Lumalakas ang patotoo ko kapag ibinabahagi ko ito sa aking mga kaibigan at pinakikinggan ang mga patotoo ng iba (Mosias 18:6–9; Alma 22:13–18; "Katotohanan Niya'y Dadalhin Natin sa Mundo" [*AAP,* 92–93]).

3. Aanyayahan ko ang mga kaibigan ko sa Primary (D at T 4).

   Idispley ang pahayag na "Mabubuting kaibigan ang hahanapin ko at magiging mabait ako sa iba" mula sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo." Kantahin ang "Sa Akin Nagmumula ang Kabaitan" (*AAP*, 83). Pag-usapan ang pag-anyaya ng mga kaibigan sa Primary at sa mga aktibidad ng Primary. Talakayin kung paano maging mabait sa mga kaibigan. Maglagay ng isang sobrang silya, at isadula kung ano ang sasabihin sa isang bagong kaibigan sa Primary (tingnan sa "Dula-dulaan," *PWHDT*, 234–35). Sanayin ang mga bata sa pagtulong sa iba na maging komportable sa Primary. Hikayatin ang mga bata na mag-anyaya ng mga kaibigan sa Primary.

4. Maghahanda na ako ngayon sa pagiging misyonero (I Kay Timoteo 4:12; David A. Bednar, "Pagiging Misyonero," *Liahona,* Nob. 2005, 44–47; "Pangunahing mga Kinakailangan" sa "Mga Kinakailangan sa Gawad na Pananampalataya sa Diyos," mga gabay na aklat sa *Pananampalataya sa Diyos*, 4–5).

   Isulat ang mga piling alituntunin mula sa "Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo" sa hiwa-hiwalay na piraso ng papel. Hatiin sa mga grupo ang mga bata at papiliin ng isang papel ang bawat grupo. Ipatalakay sa bawat grupo kung paano makakatulong sa kanila ang pamumuhay ng pamantayang iyon para makapaghanda sa pagiging misyonero (tingnan sa "Talakayan sa Maliliit na Grupo," *PWHDT*, 219). Ipabahagi sa bawat grupo ang natutuhan nila. Magpatotoo na sa pamumuhay nang karapat-dapat ngayon, nakakatulong tayo sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos. Kantahin ang "Sana Ako'y Makapagmisyon" (*AAP*, 91).

TEMA SA NOBYEMBRE

Ang pananampalataya ko kay Jesucristo ay nagpapala sa buhay ko. Nagpapasalamat ako sa aking mga pagpapala. *"Pasalamatan ninyo ang Panginoon ninyong Diyos sa lahat ng bagay"* (D at T 59:7).

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Nagpapasalamat ako para sa aking tahanan at pamilya (Genesis 37, 41–45; "Salamat, Ama Ko" [*CS,* 9]).

2. Nagpapasalamat ako para sa aking pagiging miyembro sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (Mosias 18:7–17; 3 Nephi 26:17–21; D at T 115:3–6; *AE,* kabanata 17).

3. Nagpapasalamat ako para sa priesthood, at pinagpapala ako nito (*AE,* kabanata 13).

   Ituro sa mga bata na ang priesthood ay awtoridad na ibinigay ng Diyos sa mga karapat-dapat na miyembrong lalaki ng Simbahan upang makatulong sa Kanyang gawaing isakatuparan "ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Ituro kung paano pinagpapala ng kapangyarihan ng priesthood ang mga batang lalaki at babae. Sa isang panig ng pisara, magdispley ng mga larawang nagpapakita ng ilang tungkulin ng priesthood, tulad ng PLSE 601, 602, 603, 604, 611, 612, 613, at 614. Sa kabilang panig ng pisara, kahit sa anong pagkakasunud-sunod, isulat ang mga

tungkulin, tulad ng *pagbibinyag* o *pagbabasbas sa maysakit*. Papiliin ang mga bata ng isang larawang may kaugnayan sa sarili nilang karanasan, ipakuwento ang tungkol sa kanilang karanasan, at magpaguhit ng linya mula sa larawan papunta sa katugmang salita. Ipatukoy sa mga batang nakatatanda ang katungkulan sa priesthood na kailangan para magampanan ang tungkuling iyon. Kantahin ang "Mga Pagpapala ay Bilangin" (*Mga Himno*, blg. 147).

4. Maipapakita ko ang aking pasasalamat at pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pagtupad sa Kanilang mga utos (Josue 24:15; Mga Kawikaan 29:18; Juan 14:15; *AE,* kabanata 35).

   Tulungan ang mga bata na maisaulo ang Juan 14:15 (tingnan sa "Pagsasaulo," *PWHDT*, 226–27). Isulat sa pisara ang *Nagpapakita ako ng pasasalamat at pagmamahal kapag sumusunod ako*, at gamitin ang mga istasyon sa pagtuturo ng katotohanang ito (tingnan sa "Mga Istasyon," *PWHDT*, 235–36).

   Istasyon 1: Ikuwento ang pagbalik ni Nephi para kunin ang mga laminang tanso (1 Nephi 3–4). Kantahin ang "Maglakas-loob, Tama'y Gawin" (*AAP*, 80).

   Istasyon 2: Magpadrowing sa mga bata ng isang larawan ng isang utos na tutuparin nila, palagdaan sa kanila ang ilalim o likod ng larawan, at gawin itong aklat para sa bishop.

   Istasyon 3: Isulat sa pisara ang salitang *Pasasalamat*. Pag-isipin ang mga bata ng mga paraan na maipapakita ang pasasalamat na nagsisimula sa bawat letra ng salita. Kantahin ang "Piliin ang Tama" (*Mga Himno*, blg. 145).

TEMA SA DISYEMBRE

Minsa'y nanirahan si Jesucristo sa lupa, at sumasampalataya ako na muli Siyang paparito. *"Itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit"* (Mga Gawa 1:11).

Lingguhang mga Alituntunin ng Ebanghelyo

1. Ipinropesiya ng mga sinaunang propeta ang pagparito ng Tagapagligtas sa daigdig (Isaias 7:14; 9:6–7; Helaman 14:2; "Jesucristo, Mga propesiya hinggil kay," sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, 94; "Sa Kapatagan, Sa May Judea" [*Mga Himno,* blg. 130]).

2. Pumarito ang Tagapagligtas na si Jesucristo sa daigdig bilang isang sanggol na isinilang sa Betlehem (Lucas 2:1–40; "Kay Tahimik ng Paligid," [*Mga Himno,* blg. 125]; " Doon sa May Sabsaban" [*AAP,* 26–27)]).

3. Magkakaroon ako ng kapayapaan, kaligayahan, at pagmamahal dahil sa pagparito ni Jesucristo (Mga Gawa 1:9–11; *AE,* kabanata 43).

   Gamit ang mga kanta mula sa bahaging "Ang Tagapagligtas" ng *AAP*, kantahin ang isang kuwento ng pagsilang ni Cristo (tingnan sa "Musika na May Halong mga Kuwento," *PWHDT*, 230–31). Idispley ang PLSE 216 at basahin ang Mateo 19:13–15. Talakayin sa mga bata kung ano ang pakiramdam na maging bata noong narito pa si Jesus sa daigdig. Kantahin ang "Ako ay Nagninilay Tuwing Mababasa" (*AAP*, 35). Pagkatapos ay idispley ang PLSE 322 at sabay-sabay na ipabasa sa isang grupo ng mga batang nakatatanda ang 3 Nephi 17:11–12, 21–24 (tingnan sa "Mga Sabayang Pagbasa," *PWHDT*, 216). Talakayin kung ano ang pakiramdam ng mapasali sa grupong binasbasan ni Jesus. Kantahin ang "Ako ay Nagninilay Tuwing Mababasa" (*AAP*, 35). Sa huli, idispley ang PLSE 238. Patayuin ang mga bata, at sabihin sa kanila na sila ang mga bata sa ngayon. Talakayin kung ano ang pakiramdam ng makapiling si Jesucristo. Kantahin ang "Sa Kanyang Pagbabalik" (*AAP*, 46–47).

4. Sa pagsunod ko kay Jesucristo nang may pananampalataya, inihahanda ko ang aking sarili para sa Ikalawang Pagparito (Mateo 25:1–13; D at T 45:56–59; 39:20–24).

   Sabihin sa mga bata na walang nakaaalam kung kailan muling paparito ang Tagapagligtas ngunit sa pagsunod natin sa Kanya nang may pananampalataya, makapaghahanda tayong tanggapin Siya sa muli Niyang pagparito. Idispley ang mga larawang kasama sa walong kanta sa pagtatanghal ng mga bata sa sakrament miting sa taong ito. Ipatugtog sa piyanista ang ilang nota mula sa isa sa mga kanta, at magpadagdag ng paisa-isang nota hanggang sa matukoy ito ng bata. Itanong sa grupo ng batang iyon ang pamagat ng kanta, ipatugma ito sa larawan, at magpasabi ng isang bagay na itinuturo ng kanta tungkol sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Kantahin ang awit. Patotohanan ang alituntuning iyon, at ulitin para sa iba pang mga kanta.

SIYA'Y AKING SUSUNDIN



Mga titik at himig: Janice Kapp Perry, isinilang noong 1938

© 2001 ni Janice Kapp Perry. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para gamitin sa simbahan
o tahanan sa ilang pagkakataong di-pangkalakal.

Work Sheet sa Pagpaplano ng Oras ng Pagbabahagi

Petsa: _____

Buwanang tema: _____

Lingguhang alituntunin ng ebanghelyo: _____

_____

Paano ko sisimulan ang alituntunin ng ebanghelyo? ("Pagsisimula ng Aralin," *PWHDT*, 120; "Mga Gawaing Pantawag Pansin," *PWHDT*, 212)

Paano ko maituturo ang alituntunin ng ebanghelyo at maisasali ang mga bata?

- Mga Banal na Kasulatan ("Pagtuturo mula sa mga Banal na Kasulatan," *PWHDT*, 66–72)

- Mga kanta ("Musika," *PWHDT*, 227–30; "Paggamit sa Aklat ng Awitin," *Aklat ng mga Awit Pambata*, 149–151)

- Mga pamamaraan sa pagtuturo na kasali ang mga bata ("Mga Pamamaraan sa Pagtuturo," *PWHDT*, 211–42)

Paano ko matutulungan ang mga bata na ipamuhay ang alituntunin ng ebanghelyo? ("Mga Pamamaraan sa Pagtuturo," *PWHDT*, 211–42)

Pagwawakas at patotoo ("Pagtapos ng Aralin," *PWHDT*, 122–23)

_____

Pagsusuri: Nagawa ba natin ang nais nating mangyari? Paano natin mapapabuti?

Paalala: Maaaring gumawa ng mga kopyang kailangan para sa Primary presidency at mga titser.

MGA PAGTATANGHAL NG KLASE

Dapat maging pagtatanghal ng klase ang oras ng pagbabahagi minsan sa isang buwan. Oportunidad ito para makapagturo ang mga bata sa klase ninyo ng isang alituntunin ng ebanghelyo sa iba. Mapapatibay ng karanasang ito ang mga alituntuning itinuturo ninyo at magkakaroon ng tiwala sa sarili ang mga bata kapag lumahok sila sa pagtatanghal ng grupo.

- Mga titser at buong klase ang nagpaplano at lumalahok sa pagtatanghal ng klase.
- Ang pagtatanghal ay kailangang masuportahan ang isa sa lingguhang mga alituntunin ng ebanghelyo para sa buwang iyon.
- Nasa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin (PWHDT)* ang nakawiwiling mga paraan para maituro ang alituntunin ng ebanghelyo ayon sa nakalista sa ibaba.
- Ang Primary presidency at lider sa musika ay dapat naroon para tumulong sa klase kung kailangan.

MGA PAMAMARAAN SA PAGTUTURO

Ang sumusunod ay isang listahan ng mga pamamaraang magagamit para maituro ang isang alituntunin ng ebanghelyo at maisali ang mga bata sa oras ng pagbabahagi. (Tingnan sa "Mga Pamamaraan sa Pagtuturo," *PWHDT*, 211–42.)

Banal na Kasulatan, Mga

Diorama, Mga

Dula-dulaan

Flannel Board, Mga

Gawaing Pantawag Pansin, Mga

Halimbawa, Mga

Istasyon, Mga

Kuwento, Mga

Larawan, Mga

Larawang Idinikit o Idinrowing sa Karton, Mga

Laro, Mga

Lektyur, Mga

Mapa, Mga

Materyal na Audiovisual, Mga

Musika

Musika na may Halong mga Kuwento

Overhead Projector, Mga

Pagbigkas, Mga

Pagdodrowing, Mga

Paghahalintulad

Paghahambing at Bagay na Ginagamit sa Pagtuturo ng mga Aralin, Mga

Pagpapalitan ng Ideya

Pagsasadula, Mga

Pagsasaulo

Pagtatanghal, Mga

Pagtula at Pag-awit na May Aksyon, Mga

Panauhing Tagapagsalita, Mga

Pangkatang Talakayan, Mga

Papet, Mga

Paraan sa Pamumuhay ng Ebanghelyo, Mga

Pinag-aaralang Situwasyon, Mga

Pisara, Mga

Roller Box, Mga

Sabayang Pagbasa, Mga

Talakayan, Mga

Talakayan sa Maliliit na Grupo, Mga

Tanong, Mga

Teatro ng mga Mambabasa, Mga

Visual, Mga

Work Sheet, Mga

Ang taunang outline para sa oras ng pagbabahagi at pagtatanghal ng mga bata sa sakrament miting ay makukuha sa opisyal na Web site ng Simbahan sa www.lds.org.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02270 02893 5
27002 893